Pangalan: ____________________________________________________________________________
Petsa Nang Nagsimula: ________________ Petsa Nang Natapos: _______________ Marka: ________

**Sipi ng Pagsasanay sa Pagkatuto**
**Kabanata 26-29 ng El Filibusterismo**

**I. PANUTO:** Bilugan ang letra ng tamang sagot.

1. Ang mag-aaral na ipinagdidiinang wala siyang kinalaman sa himagsikan.
   a. Basilio b. Juanito c. Macaraig d. Tadeo
2. Lumalakas ang pag-asa ng tao sa kanilang plegarya. Ano ang ibig sabihin ng salitang nakalihis?
   a. pagmamahal b. galit c. dalangin d. kasipagan
3. May paninindigan si Basilio di-tulad ng ibang mag-aaral. Alin ang tinutukoy ng salitang nakalihis?
   a. Pantay ang katangian niya sa ibang mag-aaral.
   b. May kakulangan sa bahagi ni Basilio.
   c. Higit na nakaaangat si Basilio kaysa sa iba.
   d. Walang kinalaman ang mga mag-aaral sa isa't isa.
4. Ang paliwanag ni Basilio sa propesor kung bakit hindi kasama si Simoun sa himagsikan.
   a. nagbebenta ng alahas
   b. nakaratay dahil sugatan
   c. nagbabalak ng himagsikan
   d. hinahanap si Maria Clara
5. Ano ang ginawa sa naiwang kayamanan ni Kapitan Tiyago?
   a. Pinaghati-hatian ito ng mga orden at ng kumbento ng Sta. Clara.
   b. Ipinamahagi ito sa mahihirap na mamamayan.
   c. Itinapon ito sa dagat upang walang makinabang.
   d. Ibinigay ito sa isang organisasyon.
6. Pinasusuot kay Kapitan Tiyago ang isang frac. Sa Espanyol, ang kahulugan ng salitang nakalihis ay damit Amerikano na may buntot o kaya ay _____________.
   a. barong b. sotana ng fraile o monghe c. modernong damit d. damit ng katutubo
7. Mula sa mga kabanatang binasa, aling sitwasyon ang nagpapakita ng hindi pantay na pagtingin sa batas?
   a. paglilibing kay Kapitan Tiyago
   b. pangungutang ni Basilio
   c. pagkakakulong ng mga estudyante
   d. pakikipag-usap ng estudyante kay Padre Camorra
8. Kinagabihan, naging usap-usapan ang pagtalon ng isang babae mula sa bintana ng kumbento at patay na dinampot sa batong nakabunton sa ibaba, samantalang isang matandang babae ang patakbong bumaba sa pinto ng kumbento at nilibot ang daan na nagsisigaw. Aling tayutay ang inilalarawan nito?
   a. pangitain b. patalinghaga c. pagpapalit-saklaw d. taguri
9. Ginamitan ng agua bendita ang ipinandilig sa kabaong ng namayapang si Kapitan Tiyago. Ang kahulugan ng agua na nagmula sa Espanyol na ginagamit sa Filipino ay _____________.
   a. lupa b. tubig c. kamangyan d. abo
10. Ano ang naging tugon ni Padre Fernandez sa sinabi ni Isagani hinggil sa pagtuturo nila na dapat tangkilikin?
   a. Ito dapat ay isabuhay.
   b. Ito dapat ay kontrahin.
   c. Ito ay isang pagpapatiwakal.
   d. Ito ay isang pagsuko.

**II. PANUTO:** Isulat ang **Tama** sa patlang kung ang ipinahahayag sa pangungusap ay wasto, at kung hindi naman, isulat ang **Mali** at itama ang nagpamaling salita.

________ 1. Ipinakikita sa kabanata na mahalagang ipaglaban ang sariling prinsipyo o pananaw sa isang isyu.
________ 2. Ginamit ang etimolohiyang "padre," na mula sa Espanyol noong 16 dantaon, at naging bahagi na ng bokabularyo ng wikang Filipino.
________ 3. Ang katumbas ng "paskin" sa binasang nobela ay "cartel" sa Espanyol na nangangahulugang paskil o signage.
________ 4. Ang pagpapalit-saklaw ay tumatawag o kumakausap sa isang tao o imahe, o isang bagay na wala o hindi kaharap.
________ 5. Hinangaan ni Padre Irene si Isagani dahil sa pagkakaroon nito ng paninindigan sa kaniyang talumpati.